# ANG PAMBANSANG GUNITA SA NOBELA (1907-1975)

Soledad S. Reyes

**Abstrak**

Inilalarawan ng artikulong ito na ilan sa mga nobelang Tagalog na inilimbag noong ika-20 siglo ay nakatuon ang paksa sa ilang mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng bansa gaya ng dalawang digmaan sa katapusan ng ika-19 siglo, ang pagtatatag ng kolonyal na rehimen ng mga Amerikano at ang bunga nito sa sosyo-politikal na pamumuhay ng mga Pilipino, ang kaguluhan sa makabagong panahon, at ang malawakang pagtutol ng dekada 60 at 70. Inilalarawan sa walong nobela kung paano ang teksto ay sumasalamin at nagpapanatili ng pambansang gunita na nagbubuklod at nagkakaisa sa bansa.

Para sa henerasyong lubhang nakatutok sa sarili–sa walang katapusang *selfie* at *instagram*—at sanay sa *instant gratification*—impormasyon sa loob ng sampung segundo sa tulong ng mga *live streaming*, ang pagbasa ng ilang pahina ng aralin ay sakit sa ulo. Mahirap magbasa ng mga ideya, at mahirap din ang makinig sa mga bagay na sa unang tingin ay walang kabuluhan sa buhay.

Ito ang kinagisnan ng mga *millennials* at ng sumunod na henerasyon na ipinanganak sa unang dekada ng ika-21 dantaon. Walang gaanong muwang sa nakaraan sapagkat haling sa nakasisilaw sa kasalukuyan. Walang

gaanong kaalaman sa panitikan at kasaysayan sapagkat nandiyan naman ang Facebook (na puno ng *fake news*) para sa mga kaalaman—paano magpaganda, magluto, iwasan ang mga bitag ng romantikong pag-ibig, at maging ang paggawa ng bomba at maghasik ng lagim. Kung ito ang makikita sa mundo ng teknolohiya (makulay, eskapista, at dahop sa katotohanan), taliwas ang nagaganap sa lipunan—mga walang-kawawaang pagpatay ng estado, bilyon-bilyong pagnanakaw sa kaban ng bayan, mga politikong walang ginawa kundi magsamantala sa mga tao, ang di-matigil na pagpasok ng mga dayuhan, at pag-okupa nila sa ating mga isla, ang walang-katapusang pangako ng iba't ibang sekta sa abilidad nilang sagipin ang mga Pilipinong nalulunod sa kahirapan at kawalang-pag-asa, mga problemang nagtutulak sa libu-libong Pilipino upang layasan ang kaawa-awang bansa—mga dagang tumatalon sa dagat upang iwasan ang tiyak na kamatayan sa lumulubog na barko.

Sa panayam na ito, ibabahagi ko ang ilang mga kaalaman sa nobela bilang bukal ng mga gunita mula sa nakaraan, at patuloy na nagtataglay ng kabuluhan para sa kasalukuyang panahon na batbat ng kawalang-pag-asa, ligalig at pangamba. Ipakikita ko kung paanong hinarap ng mga nobelista ang mahahalagang pangyayari sa kasaysayan at lipunan, ginawang sangkap ang sining hindi upang ipagmalaki ang galing nila sa pagkatha, kundi tulungan ang mambabasa noong panahong iyon, na isaloob ang mga kahulugang taglay ng mga akda.

Sa tanong na: Bakit nobela ang susuriin sa pag-aaral ng pambansang gunita? Ito ang sagot: ang malikhaing akda ay mga senyales at tanda na kakikitaan ng mga puwersang nagtutunggalian sa pagbuo ng isang bansa. Sang-ayon kay Timothy Brennan:

> While the study of nationalism has been a minor industry in the disciplines of sociology and history since the Second World War, the premise here is that *cultural* study, and

specifically the study of imaginative literature is, in many ways, a profitable one for understanding the nation centeredness of the post-colonial world...[1]

Dagdag pa ni Brennan:

It was the *novel* that historically accompanied the rise of nations by objectifying the 'one' yet 'many' of national life, and by mimicking the structure of the nation.[2]

Sa kasaysayan ng Pilipinas, isang penomenon ang matuling paglaganap ng nobelang Tagalog nang magwakas ang kolonyalismong Kastila at nagsimula ang kolonyalismong Amerikano sa unang dekada ng ikadalampung dantaon. Lumabas sa mga pahayagan o isinaaklat ang mga nobela nina Roman Reyes, Valeriano Hernandez Peña, Faustino Aguilar, Lope K. Santos, Iñigo Ed. Regalado, at marami pang kabataang manunulat, na lubhang kinagiliwan ng libu-libong mambabasa. At sa paglabas ng mga nobelang ito, nagkaroon ang publiko ng mga representasyon na tumutukoy sa aktuwal na pangyayari sa kasaysayan—mula sa madudugong pangyayari sa kasaysayan, hanggang sa mga hakbang na isinagawa ng mga Amerikano tungo sa pagbuo ng isang bansa kung saan itatatag ang mga bagong institusyong politikal at kultural sa ilalim ng sistemang kolonyal.[3]

Nakatulong ang mga nobela upang maunawaan ng mga mambabasa ang pagiging bahagi nila ng isang malaking komunidad na may natatanging bisyon sa buhay, mga paniniwala at pagpapahalaga na maaaring maging buklod ng pagkakaisa, lalo na sa panahon ng pananakop.

Naglahad ang mga nobelista ng kanilang interpretasyon ng kasaysayan gamit ang mga elemento ng sining—banghay, tauhan, wika, punto de bista, imahen. Sa madaling salita, gumawa sila ng mga naratibo. Mga produktong kultural ang mga nobela na kakukunan ng mga kaalaman

tungkol sa pagiging Pilipino, sa kahulugan ng kalayaan, identidad, kapayapaan, pagmamahal sa kapwa, ang papel ng pamayanan sa pag-unlad ng bayan sa ika-20 dantaon. Tinahak ng mga nobelista ang landasin ng realismong panlipunan na minana nila sa tradisyong pinanday ni Rizal sa *Noli me Tangere* (1887) at *El Filibusterismo* (1891).[4]

Sa ilang nobela, matututunghayan ang pagbabalik-tanaw ng mga nobelista sa panahong nakalipas na—ang mga rebolusyon laban sa mga Kastila at mga Amerikano sa huling dekada ng ikalabingsiyam na dantaon. Maitatanong kung bakit matindi ang oryentasyong historikal ng mga nobelista. Para sa maraming manunulat sa unang mga dekada ng ikadalawampung dantaon, ang madugong kasaysayan ng bansa ay malinaw na patunay na handang ipaglaban ng mga Pilipino ang kanilang kalayaan, at handa rin nilang ialay ang buhay sa muling pagpasok ng bagong mananakop. Mga pangyayari sa nakaraan ang itinapat sa katotohanan ng kolonyalismong Amerikano na nagsimula nuong 1898 at patuloy na namayani hanggang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Wika ng kritikong si Ernest Renan:

> More valuable by far than common customs, posts, and frontiers conforming to strategic ideas is the fact of sharing, in the past, a glorious heritage and regrets, and of having, in the future, [a shared] programme to put into effect, or the fact of having suffered, enjoyed and hoped together… I spoke just now of 'having suffered together' and indeed, suffering in common unifies more than joy does. Where national memories are concerned, griefs are of more value than triumphs, for they impose duties, and require a common effort.

> A nation is therefore a large-scale solidarity, constituted by the feeling of the sacrifices that one has made in the past and of those that one is prepared to make for the future. It presupposes a past; it is summarized, however, in the present by a tangible fact, namely, consent, the clearly expressed desire to continue a common life…[5]

Sa gagawing pagsusuri sa walong nobela, mapapansin ang pag-ikot ng mga akda sa malalagim na pangyayari sa bansa, sa samot-saring karanasan ng komunidad sa pakikipagtunggali ng mga mamamamayan laban sa mga puwersa ng pang-aalipin at kawalang-katarungan.

**Francisco Laksamana, *Anino ng Kahapon* (1907)**

Ipinanganak noong Abril 2, 1877, naging saksi si Francisco Laksamana sa agos ng kasaysayan ng Pilipinas, mula sa panahon ng Kastila hanggang sa pagpasok ng mga Amerikano at ang pananatili nila sa bansa. Sa kaniyang kaisa-isang nobela, *Anino ng Kahapon*, ating matatagpuan ang marahil ay isa sa pinamakamalinaw na pormulasyon ng tungkulin ng nobelang maglarawan ng nakaraan, at nang sa ganoon ay manatiling buhay ang malungkot na panahong iyon sa alaala ng kapilipinuhan.[6]

Sa kaniyang paghahandog, winika ni Laksamana:

> Ikaw, Kabataang anak ng Pilipinas, ang pinaghahandugan ko nitong maiksing kasaysayan.
>
> Ikaw, na siyang magiging pag-asa sa araw ng bukas ng Bayan mong sarili, ay marapat magkaalala sa mga nagdaang panahon ng iyong mga magulang. Ang napagdaanan nang landas, kung sinsay at mapanganib, ay di na dapat suysuying

> muli magpakailanman; ito ang paniniwala ko, at ninanais sa paghahandog na ito sa iyo, Kabataang pinakaiirog.
>
> Bunga ng di-matalinong isip, ang kasaysayang ito ay dahop sa mga tandang mapagkakakilanlan ng ganap na mga nangyari. Ibig kong sabihin ay di pa umabot sa ikasampu ang bahaging nasalaysay dito na mga tunay na pinangyarihan. Datapwa, marahil ay di-lihis ang pag-asa ko, na kahit bahid na bahid lamang ng Kahapon, ang kathang ito'y makatutulong din sa mga Kabataang di umabot sa mga araw na nasabi, at makapaglalagak ng munting alaala sa kapanahunang malungkot ng Kapilipinuhan.[7]

Hindi katulad ng mga kapanabayang nobela tulad ng *Hantik* (1906) ni Jose Diaz Ampil, *Pusong Walang Pag-ibig* (1910) ni Roman Reyes, *Hiwaga ng Puso* (1912) ni Carlos Ronaquillo, o *Lalaking Uliran o Tulisan* (1914) ni Juan Arsciwals, halimbawa na, ipinaloob ni Laksamana ang kaniyang nobela sa mga taong 1891-1895. Hindi tiyakang inilarawan ang madugong pag-aalsa laban sa mga Kastila, at nagtapos ang nobela sa taong 1896 nang lumawak na ang sakop ng Rebolusyon.[8]

Subalit, pinagtuunan ng pansin ni Laksamana ang sistematikong pang-aapi sa mamamayan sa piksiyunal na bayan ng Ilaya. Balot ng lagim ang buong bayan sanhi sa mga tiwaling gawi ng mga sundalong Kastila sa pamumuno ni Tinyente Roca. Walang nangahas na lumaban sa pang-aabuso ng mga militar—ang walang pakundangang paghuli at pagparusa sa mga mamamayang walang kasalanan, ang marahas na pagggamit ng batas para sa pansariling kapakanan ng mga may kapangyarihan.

Maraming napopoot sa ganitong kalagayan subalit si Modesto Magsikap, isang estudyanteng nag-aral sa Maynila, at anak ng mag-asawang

maykaya sa buhay, ang bukod tanging kumilos. Pinatay niya ang isang sarhento dahil ipinahiya siya sa maraming tao, bukod pa sa pagiging mapagmataas nito. Napilitang tumakas ang binata at iniwan ang kasintahang si Elisea Liwayway. Ginaygay niya ang mga bayan sa Gitnang Luzon at sa panahong ito, marami siyang nakadaupang palad—mga biktima ng pang-aapi, mga tulisan at mga magnanakaw, mga karaniwang magsasaka na lumikas sa kabundukan upang umiwas sa kinapopootang militar.

Naghanap siya ng lunas sa malubhang suliranin sa Ilaya. Hindi niya maaasahan ang mga tao sa bayan niya. Ang mga binhi ng kalayaan na sinikap niyang itanim ay hindi nabuhay dahil nagbulag-bulagan at nagbingi-bingihan ang mga tao sa Ilaya. Nakilala niya ang ilang lalaking pawang biktima ng kawalang-katarungan subalit wala ring maaasahan sa kanila. Umakyat siya sa bundok upang hanapin at humingi ng tulong sa pinuno ng mga taong-labas na pinamumunuan ni Abdul, matalinong pinuno at naging biktima rin ng militar. Sa tulong ni Abdul at mga tauhan niya, nilusob nila ang himpilan ng militar sa Ilaya. Pagkalipas ng ilang putukan, walang nangyari sapagkat nagpulasan ang mga tulisan na ang ilan ay sumanib sa kilusan upang mangulimbat. Ang sagradong pangakong tumulong kay Modesto ay tinalikuran ng mga armadong kalalakihan.

Sa kabiguang makatagpo ng mga taong naniniwala sa Kalayaan at handang magbuwis ng buhay para sa bayan, napilitang lisanin ni Modesto ang Pilipinas. Namatay na ang kaniyang ama, at ang dalawang kapatid niya ay nasa bilangguan na. Ang kasintahan niya ay lumikas sa La Union kasama ang mga magulang. Wala nang makatutulong sa bayang lugami at ito ang napatunayan ni Modesto.

Nagpunta siya sa Estados Unidos at doon ay naglingkod sa mga Amerikano—isang bagay na ayaw niyang gawin sapagkat hindi bahagi ng kaniyang pagkatao ang maglingkod sa mga dayuhan. Subalit sa kabila ng

ganitong sitwasyon, nagtagal si Modesto sa Estados Unidos sapagkat dito siya nakakita ng mga posibilidad sa pagbabago kung saan ang mahirap na tao ay nabibigyan ng pagkakataong umunlad. Sa Estados Unidos nakita ni Modesto ang kahalagahan ng mga karapatan ng bawat nilalang.

Muling umuwi si Modesto sa kaniyang bayan nang natututo na ang mga Pilipinong makibahagi sa malawakang rebolusyon laban sa mga Kastila. Ito ang wakas ng nobela:

> Ikalimang taong yaon ng 1896, ng taong niyukuan, iginalang at sinamba ng Sangbayanang Pilipino ang taong pinakapintuho at pinanganinuhan naman ng kaniyang mga kaaway…
>
> Tunay ang sabi ni Magsikap:
>
> Ang Bayang alipin, api at dusta, ay nagising, hindi nakabagbata, naubusan ng pagtitiis: kinasuklaman ang pamamanginoon, minapait ang pagkaduhagi, minabigat ang pagkabusabos: walang nalabi sa kaniya kundi ang gamot na kapootan at pagtitigis ng dugo. Naghimagsik… pangatawanang Paghihimagsik…
>
> Kakila-kilabot!
>
> Kasindak-sindak na pagbuga ng kamatayan!...
>
> Ngunit sa likod ng pagpapasabog ng dugo, ay naroon ang PAGWAWAGI! . . . . naroon ang kagitla-gitla, ngunti maligayang sigaw na: "MABUHAY ANG PILIPINAS SA PAGTATAGUMPAY SA KAPALARANG DAKILA!"[9]

**Precioso Palma, *Ipaghiganti Mo Ako!* (1914)**

Sa unang tanaw, ang nobela ay isang matulaing kuwento ng pag-ibig sa panahon ng Rebolusyon laban sa mga Amerikano.[10] Isang palasak na tema ang naunsiyaming pag-ibig o pagmamahalan na humarap sa matinding unos at bagyo na dala ng mga balakid – magulang, karibal, pagkakaiba ng klase, at mga samot-saring damdaming nagpapalabo sa isipan ng magsing-irog.

Sa unang bahagi ng nobela, inilarawan ang masayang pagmamahalan nina Pedring at Geli. Nang sumiklab ang digmaan sa pagitan ng mga PIlipino at Amerikano, nagkahiwalay ang dalawa sa gitna ng kaguluhan at madudugong labanan. At nabatid ni Pedring, sa muling pagkikita nila ni Geli pagkatapos ng Rebolusyon, na ang dalaga ay hinalay ng isang Katipunero na iniligtas ng dalaga sa kamatayan. Bago mamatay si Geli sa malubhang sakit, ipinakiusap niya kay Pedring na ipaghiganti ang kaniyang kaapihan.

Si Precioso Palma, kapatid ng makatang si Rafael Palma, ay isang matapang na mamamahayag na nagsulat para sa mga pahayagang lumalaban sa mga Amerikano sa unang mga dekada ng ika-20 siglo. Naging saksi siya sa madudugong labanan sa pagitan ng mga Amerikano at sundalong Pilipino sa Tundo, na kaniyang isinangkap sa kaniyang nobela--kung paanong lumaban ang mga Pilipino gamit ang itak sa mga kaaway na may mabibigat na sandata, ang kalupitan ng mga sundalong Amerikano, ang hirap na dinanas ng mga rebolusyunaryong Pilipino.

Sa ilang bahagi ng nobela, ipinabatid ng tagapagsalaysay ang kaniyang saloobin sa pagsakop ng mga kawal ni Admiral Dewey sa Maynila:

> Araw ng Sabado noon. Ika-4 ng Pebrero ng taong 1899… ang lahing dayuhan, ang mga mapagpakunwaring iniluwa rito ng mga kanyon ni Dewey, ay buong tapang nang naghubad ng kanilang balatkayo upang ipakilala nang tahasan ang kanilang tunay na hangad: na sila'y naparito hindi upang tumubos sa

isang bayang pinaghaharian ng lupit, kundi upang sila ang makapaghari.[11]

Malaking bahagi ng ating kaalaman tungkol sa pananakop ng mga Ameriano ay nagmula sa ilang aklat ng kasaysayan, na isinulat ng mga Amerikano at Pilipino. Para kay Gregorio Zaide, halimbawa na, ang pagdating ng mga Amerikano ay isang biyaya na dapat ipagpasalamat. Subalit sa pagdaan ng panahon naimulat ang mga Filipino sa mga kasinungalingan at pandaraya na humantong sa Tratado sa Paris nuong Disyembre 10, 1898.

Sa isang pagbasa, ang *Ipaghiganti Mo Ako!* ay tumukoy sa hiniling na kabayaran ng isang dalagang inilugso ang puri na sa panahong iyon ay katumbas ng kamatayan. Subalit sa konteksto ng nobela, ang paghihiganti ay maaari ring hiningi sa mga Pilipino na naniniwalang ang Inang Bayan ay pinagmalupitan ng mga Amerikano. Isinulat ang nobela nuong 1914 nang ang poot ng maraming Pilipino ay hindi pa humuhupa sa ginawang pagtataksil ng mga Amerikano at ang ginawa nilang pagpatay sa libu-libong Pilipino.

**Servando de los Angeles, *Ang Huling Timawa* (1936)**

Sa panahon ng mga Amerikano, lalong umigting ang suliranin sa lupa sa Gitnang Luzon na humantong sa madudugong pag-aalsa ng mga magbubukid sa mga lalawigan. Sa kasalukuyan, tinutukoy ng salitang "timawa" ang mga walang kaluluwang magnanakaw sa gobyerno, ang mga sakim na politiko na patuloy na namamayagpag. Sa panahon ng Kastila, at maging sa ika-20 dantaon, ang timawa ay yaong mga maralitang kasama, na nangungupahan ng lupang sinasaka sa mga hasendero. Ang ganitong di-pantay na relasyon—ang mahina laban sa malakas at makapangyarihan—ang mula't sapul ang naging ugat ng problema sa bukirin. Makikita ito sa

mga mga rebelyon at pag-aalsa sa iba't ibang pook ng bansa, sang-ayon kina Renato Constantino at Reynaldo Ileto at pinaksa rin nga mga historyador na banyaga tulad nina David Sturtevant at Benedict Kervkliet.[12]

Nilingon ni de los Angeles ang nakaraaan, noong bago pa lamang naitatag ang pundasyon ng pamahalaang Kastila.[13] Sa panahong naturan, ang timawa ay tumukoy sa mga ilehitimong anak ng mga datu at kasa-kasama nila sa mga labanan, sa kainan, at sa mga seremonya sa tahanan ng datu. Hindi alipin ang turing sa mga timawa; sila ay malaya at may posisyon sa lipunan.[14]

Ang huling timawa sa nobela ay si Matandang Mateo, isang mag-aaral sa abogasya, galing sa uring mahirap, at nakipaghamok sa panahon ng Rebolusyon. Nakipagsanib-puwersa siya sa mga pamilyang ilustradong tulad ng mga Araneta, Paterno, upang tulungan ang mg Amerikano sa pagpapaunlad ng mga Pilipino. Subalit namulat siya sa kataksilan ng mga ilustrado na sumuporta sa pagsupil sa kalayaan ng bansa. Naging isa siyang matapang na mamamahayag na naglantad ng maitim na balak ng mga mananakop. Nilisan niya ang bansa subalit sa kaniyang pagbabalik, naging utak siya ng isang lihim na kilusan—Ang Kapisanan ng mga Timawa—na pinamumunuan ng anak ng kaniyang kaibigang inapi ng mga hasendero sa Baritan.

Binubuo ng mga maralitang kasama sa lupa, mga mangingisda, mga karpintero, layunin ng Kapisanan ang pagbuklurin ang uring api, sa ilalim ng mga paniniwalang ang lahat ng tao ay pantay-pantay, na ang paggawa ay marangal, na ang lipunan ay maaaring umunlad sa pakikipagtulungan ng mga sektor, lalo na ang pamahalaan. Bukod dito, idiniin ng nobelista ang kahalagahan ng mga aral na itinuro sa bansa ng mga bayaning sina Rizal, Bonifacio, at iba pa. Pansinin ang nilalaman ng dokumento ng pag-anib sa kilusan:

Ako si -----------tunay na Filipino, sa diwa at kalooban, sa paghahangad kong makapaglingkod nang malinis na paglilingkod sa tinubuang bayan, ay minarapat kong sumanib sa Kapisanan ng mga Timawa, na nakikilala kong nagmamalasakit sa kagalingan ng aking bayan at tagapagtanggol ng Karapatan ng kapakanan ng mga hamak na mamamayang nangangailangang iligtas sa kuko ng mga naglipanang mapangrahuyo, na walang iniimbot kundi ang sariling kagalingan at pagkatampok sa buhay.

Nangangako akong maging isang masunurin sa batas at mapayapang mamamayan, na kumikilala sa magagandang halimbawa ng mnga bayani ng lahi at nanununton sa pangkatauhang simulain: SA PAWIS NG NOO MANGGAGALING ANG KAKANIN. Sa ganito ay tulungan ako ni Bathala, upang tumibay ang aking puso at budhi sa pagsasabalikat ng mga adhikang buhat ngayon ay ipinalalagay kong tungkuling ipagmalasakit nang buong buhay.

Lagda ________________

Tirahan ______________[15]

Isang Pilipinong galing sa mayamang angkan, si Servando de los Angeles ay naging patnugot at manunulat ng mga pahayagan sa panahon ng mga Amerikano. Nasaksihan niya ang mga galaw at gawi ng mga makapangyarihang politiko, ang mga kahinaan ng sistemang elektoral, ang bayarang patnugot at reporter ng mga pahayagan, ang patuloy na paghihirap ng mga tao sa bukid, ang mga dahilan kung bakit hindi matapos-tapos ang mga pag-aalsa sa kanayunan.

Sa mga iskolar at historyador na nag-aaral sa mga kilusang pangmasa, isang mayamang aklat ang nobela na batay sa aktuwal na pangyayari at proseso sa kasaysayan, na isinangkap sa isang makabuluhang naratibo ng isang matalino at palaisip na Pilipino na naging saksi sa isang yugto ng kasaysayan.

**Lazaro Francisco, *Sugat ng Alaala* (1949)**

Pambansang Alagad ng Sining si Lazaro Francisco. Higit siyang kilala sa kaniyang mga nobela—*Ama* (1929), *Ilaw sa HiIaga*, 1947), *Maganda Pa Ang Daidig* (1955), at *Daluyong* (1962)—na mga malawakang pagsusuri sa mga kongkretong suliranin ng pagsasaka, ang mga ugat sa kasaysayan ng piyudalismo at kolonisasyon, at mga posibleng lunas sa matinding problemang nagmula sa ilang ideolohiya tulad ng sosyalismo at komunismo.[16]

Isinulat din ni Francisco ang isa sa pinakakomprehensibong paglalarawan ng mga pangyayari nang ang Pilipinas ay masangkot sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig, 1941-1945, isang malagim na trahedya na, para sa milyon-milyong Pilipino, ay mistulang "sugat ng alaala" sa lalim at lawak ng epekto nito sa buong bansa. Ang bunga ng madugong digmaan ay hindi makikita doon lamang sa pagkamatay ng malaking bilang ng mga Pilipino, sundalo at sibilyan, sa pagkakawatak-watak ng mga pamilya, sa sakit at gutom ng nakararami, at higit na masakit, sa pagtataksil sa bayan ng mga *collaborators*. Lubhang nagnaknak ang sugat ng digmaan sa kamalayan kung kaya't daan-daang akda ang naisulat na naglalarawan sa kabayanihan ng mga Pilipino.

Sa unang malas, isang kuwento ng dalisay na pag-iibigan sa pagitan nina Felipe at Nitang ang tema ng *Sugat ng Alaala*.[17] Subalit sa kabuuan ng nobela, inilarawan ni Francisco ang partikular na konteksto ng buhay sa

lalawigan, ang iba't ibang uri ng tauhan na karaniwang matatagpuan dito bago sumiklab ang digmaan—ang gitnang uri, mga kawani ng gobyerno, buktot na politiko, ang mga propesyonal – ang aliw-iw at ritmo ng buhay nila. Sa mga salaysay sa nobela, isa sa pinakamakapangyarihan ang paghahanap ni Felipe sa kaniyang kapatid na si Sitong na nagpasyang maging sundalo at iwan ang nakamihasnang buhay. Sa bahaging ito ng nobela, inilarawan ni Francisco ang hirap na tiniis ng mga sundalo, ang mga labanang kanilang sinuong, ang mga kalagayan sa mga *concentration camps*, at ang mga pagsasamantalang ginawa ng mga Pilipino sa kampo ng mga sundalong nakakulong at naghihirap.

Sa *Sugat ng Alaala*, tiniyak ni Francisco na hindi kailanman mabubura sa alaala ng mga Pilipino ang malagim na trahedya at ang pambihirang kabayanihan ng mga karaniwang Pilipino na nagmahal sa bayan kahit kapalit nito ang kamatayan. Sa panahong ito na mismong mga pinuno ng bansa ang nagsasabing tumahimik na lamang sa pagsakop ng mga dayuhan, tumanggap ng lagay para sa pansariling interes, lipulin ang mga tagapagtanggol ng karapatang-pantao, laitin ang kababaihan, murahin ang Diyos at ang Simbahan, isang pantapat sa walang-pangalang pagyurak sa dangal ng mga Pilipino ang *Sugat ng Alaala* sa paglalarawan nito ng tunay na pagmamahal sa bayan, paggalang sa kababaihan, marubdob na pagkalinga sa kapwa, at mataimtim na paniniwala sa Panginoong Diyos.

Higit pa sa naunang mga Rebolusyon, sinakop ng naturang nobela ang trahedyang naranasan ng milyun-milyong Pilipino sa loob ng tatlong malagim na taon ng digmaan. Kalunos-lunos ang naganap sa bansa at ito ang dahilan kung bakit nararapat lamang balik-balikan ang digmaang ito na tunay na nagbuklod sa mga mamamayan.

**Macario Pineda, *Ang Ginto sa Makiling* (1945)**

Pamilyar sa nakararami ang alamat ni Mariang Makiling na kuwentong pinaikot sa mahiwagang nilalang na nangangalaga sa bundok ng Makiling, isang pook ng kasaganaan na nagmula sa kalikasan. Sang-ayon sa alamat, nagpapakita si Maria ng kagandahang-loob doon sa mga taong mababait at nangangailangan ng tulong. Karaniwang nagbibigay si Maria ng luya sa mga tao subalit sa matinding gulat ng mga tao, ginto pala ang luya. Subalit doon sa mga masasamang-loob na nagtatangkang magnakaw sa bundok, malupit si Maria: nagiging baliw ang masasamang tao bilang parusa sa kanilang kasalanan.[18]

Ipinaloob ni Macario Pineda ang payak na alamat sa isang nobela na isang maguni-guning paggamit ng kuwento ni Makiling upang lumikha ng isang malawak na naratibo na sumakop sa buhay ng komunidad sa Malolos bago ang digmaang Pasipiko hanggang sa pagkalipas ng digmaan.[19] Nagsimula ang nobela sa balita ng mahiwagang pagkawala ng animnapung taong gulang na si Susana de los Santos ng Malolos. Inatasan ng patnugot ng *Liwayway* ang tagapagsalaysay upang sumulat ng balita tungkol dito.

Sa nobela, ang unang pokus ay ang pag-iibigan nina Edong at Sanang, at kung paanong animnapung taon na ang nakakaraan, umalis si Edong upang ipagbili ang palay sa Laguna. Hindi na siya nakita ng mga kasamahan nang malaglag ang binata sa bangin. Subalit sa kaniyang pagbabalik, may dala siyang kakaibang kuwento kung paano siya nakaligtas sa tulong ng isang matanda. Kay Sanang niya inilahad ang kaniyang nakita sa Makiling—isang komunidad ng mga bayani—sina Lakandula, Humabon, Urduja, si Rizal, ang magkapatid na Basilio at Crispin, at marami pang itinuring na bayani. Nakilala rin niya si Mariang Makiling na nagsabing pinayagang tumira dito ang binata dahil sa kanyang "kabayanihan" sa pagliligtas sa ibong nasalalalak sa sanga sa bangin, at sa kaniyang paggalang sa mga hayop sa bundok.

Tinanong ni Sanang kung paano siya makapupunta doon. Magaganap ito kung mapapatunayan niya ang kanyang wagas na pag-ibig kay Edong sa pamamagitan ng paghihintay sa loob nang apatnapung taon. Ang katapatan sa pag-ibig ay isa ring anyo ng kabayanihan.

Tinupad ni Maria ang pangako kung kayat mahiwagang nawala si Sanang na muling naging magandang dalaga at huling nakitang kasama ng isang binata papunta sa ilog patungo sa Makiling.

Ang nobela ay hindi lamang kuwento ng wagas na pag-ibig. Lumikha ito ng isang komunidad na binubuo ng "kakanggata ng lahi." Sa Makiling, walang mga mapangwasak na damdamin—galit, poot, inggit, ganid, kayabangan, anumang uri ng kasamaan. Mapayapa at payak ang buhay ng mga naninirahan dito. Ginagawa nila ang nakamihasnan sa buhay—ang magsaka, mangisda, ang maglala ng banig. Nagkalat ang ginto sa mga daan subalit walang nag-iimbot dito. Ang tanging kakulangan dito: hindi na sila maaring magkaroon ng anak. Hindi ito langit at ang buhay ng mga nakatira rito ay natapos nang lisanin nila ang daigdig.

Sa pagwawakas ng nobela, winika ng matandang tauhang si Doro, na nakarating sa Makiling nang siya ay musmos, kasama ni Edong:

> Naiisip ko na sa kalagayan ng ating bansa ngayon ay dapat na sanang pakisalamuhain sa bayan ang mga uring yaon. At sa kanilang halimbawa'y, akayin ang bansa sa landas ng matuwid, ng katapatan, ng katiningan ng loob sa katotohanan. Kung magkakagayon ay masasabing tunay na ngang nabuksan ang pintungan ng ginto sa Makiling at ang kayamanan ay sumabog sa bayan.[20]

Naisulat ang nobela noong 1945—pagkatapos ng malagim na kabanata sa kasaysayan. Ang ginto na tinutukoy dito ay hindi lamang ang

mga bayani sa Makiling. Higit na mahalaga ang mga Pilipinong nakapag-aral na siyang tutulong upang makamit ng bayan ang minimithing kaunlaran. Ang mulat na kabataan ang ginto sa Makiling at hiningi ng pagkakataon ang inyong kabayanihan. Sa nobela, malikhaing pinag-isa ang nakaraan at ang kasalukuyan sa paggamit ng alamat ng Makiling.

**Rosario de Guzman Lingat, *Ano Ngayon, Ricky* (1971)**
**at Liwayway Arceo, *Canal de la Reina* (1972)**

Ginunita ng bansa ang ika-apatnapung anibersaryo ng pagpaslang kay Benigno Aquino, Jr. noong Agosto 21, 1983. Buhay pa ang ilan sa mga taong taglay ang mga kamay na may bahid ng dugo sa trahedya, at sa unang tingin patuloy ang kanilang pamamayagpag, lasing sa salapi at kapangyarihan. Para sa maraming Pilipino, kabataan at may-edad, naging isang mabuting presidente si Ferdinand E. Marcos at wala siyang kinalaman, kasama ng kaniyang mga pamilya at kaalyado, sa naganap na malawakang pagdurusa ng bayan sa kaniyang panunungkulan. Hindi sapat ang mga dokumento ng pangungurakot, ang mga larawan ng duguang si Ninoy Aquino, ang milyong dumagsa sa kaniyang libing upang wasakin ang ilusyon. Para sa marami, walang nagbago sa EDSA nuong 1986. Sa panahon ni Duterte, (2016-2022), walang EJK, korupsiyon, walang tumitirik na tren, walang krisis sa bigas, sa tubig at kuryente, at ang lahat ng tao ay natutulungan. Isa itong nilikhang ilusyon ng sistema.

Balingan natin ang dalawang nobela ng mga babaeng manunulat. Sa *Ano Ngayon, Ricky?*, matalas na sinuri ni Lingat ang mga pangyayari sa bansa sa panahon ng aktibismo—ang papel ng mg estudyante sa paglaban sa diktaturya na humantong sa madudugong rally, sa labanan ng mga pulis at mga raliyista, sa pagkamatay ng malaking bilang ng mga Pilipino; ang ilan sa kanila ay mga estudyanteng tulad ninyo.[21] Pinaikot ang nobela kay

Ricky, isang idealistikong lider ng mga aktibista sa Tundo, lumaking mulat sa katotohanan ng kahirapan, kawalang-katarungan, at sumagot sa tawag ng pakikisangkot upang mabago ang lipunan.

Tinukoy sa nobela ang mga argumento para at sa pakikisangkot, sa isang dako, at para sa pagtalikod sa tawag na naturan, sa kabilang dako. Sa harap ng malakas na puwersa na patuloy na naglulugmok sa bansa, ano ang dapat gawin? Isa itong tema na pinaksa ni Lingat sa kaniyang mga kuwento at nobela. Pagkatapos ng matinding pakikibaka, naiwan si Ricky na nag-iisa sa isang kalsada habang nasusunog ang ilang pook sa Maynila. Nawasak na ang kaniyang ilusyon sapagkat ipinagkanulo siya ng taong sa unang tingin ay may tunay na malasakit sa bayan. Sa katunayan, ang taong ito ay isang oportunista at gahamang politiko na kumikilos nang palihim upang agawin ang kapangyarihan. Napakadilim ng daiigdig sa nobela ni Lingat kung saan ginamit ang sining upang ilarawan ang sapin-saping problema ng bansa sa ikawalong dekada.

Subalit maaaninag ang kaunting liwanag pagkalipas ng malagim na karimlan:

> Madaling-araw na nang tuminag siya sa kaniyang kinauupan. Hindi siya dapat manatili rito. Marami pa ang dapat gawin. Ang hanggahan ay dapat sapitin. Hindi pa lubos na walang pag-asa. Hangga't nariyan si Danny. Hangga't narito si Tony. At si Mercy. At ang mga katulad nila. Magagawang maipagtagumpay ang walang pag-asa.
>
> Binalikan niya ang daang nilandas niya nang nagdaang gabi patungo sa larangan ng digma. May malabo nang liwanag nang sapitin niya ang isang panulukan sa Claro M. Recto. Wala na ang mga putukan. Wala na ang kaguluhan. Wala na ang sumisigaw ng pakikidigma. Natanaw niya ang nakahapay

na bakod sa gitna ng lansangan, ang mga basag na paso na minamasdan ng ilang nakaunipormeng kawal. May labi ng isang kotse at isang trak na inaahunan ng manipis na usok. May isang bus na wasak sa di kalayuan.

Ilang sandali pa, aahon na ang araw. At umaga na.[22]

Sa *Canal de la Reina* ng batikang nobelista na si Liwayway Arceo, pinagtuunan naman ng pansin ang ilang buwan bago ang deklarasyon ng Batas Militar.[23] Sinakop sa nobela ang malaking komunidad—ang mga maralitang taga-lunsod sa paligid ng estero Canal de la Reina sa Tundo at kung paano sila inapi ni Nyora Tentay, ang gahamang usurera na nagtataglay ng kapangyarihan. Inilarawan ni Arceo ang mga kalupitan ng usurera—ang pagkamkam ng ari-arian ng mga tao, ang walang habas na paghingi ng interes sa utang ng mga tao, ang walang-awang pagtrato sa mga inulila, ang pagbebenta ng shabu. Natapos ito sa pananalasa ng isang malupit na bagyo na nagpalubog sa buong Kamaynilaan at kalahati ng Gitnang Luzon. Nawala ang bayong na naglalaman ng kaniyang salapi at alahas; nagmuntik-muntikanan siyang malunod, at nawalan siya ng bait.

Ito ang mapait na larawan ng kahirapan at kawalang-katarungan, larawang natutunghayan ninyo sa pahayagan o napapanood sa TV—mga taong nagnakaw ng lata ng corned beef dahil sa gutom at kinakasuhan ng pagnanakaw; mga batang hinuhuli dahil sa pamamalimos; mga Pilipinong mistulang taong-grasa na nagpapalaboy-laboy sa mga palengke. Ang tanging liwanag sa nobela ay matatagpuan kay Junior, isang kabataang aktibista, na may pagkaunawa kung ano ang problema ng bansa. Mulat siya dahil nakita niya ang malagim na katotohanan ng mga biktima ng bagyong pinabayaan ng gobyerno, ng katotohanan ng maeskandalo at maringal na handaan ng alta sosyedad sa harap ng paghihirap ng nakararami. Katulad ni Ricky, sisikapin ni Junior, sa harap ng mga balakid, na makatulong sa higit na nakararami.

**Rosario de Guzman Lingat, *Balabal ng Diyos* (1975)**

Bihira sa mga Pilipinong manunulat ang may lakas ng loob na paksain ang relihiyon bilang isang makapangyarihang institusyon na may milyun-milyong tagasunod. Hindi natakot si Rosario de Guzman Lingat at sa *Balabal ng Diyos*, buong tapang niyang hinarap ang isang penomenong kultural na lumitaw pagkalipas ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig—ang parang kabuteng pagsulpot ng mga kilusang tinawag na relihiyon o kapatiran ng mga tagapagtatag.[24] Sagot ang mga relihiyong ito sa pundamental na hangarin ng tao na maligtas (*salvation*), isang masidhing pagnanasa na maraming implikasyon.

Pinaikot ang nobela kay Felino, isang laos na aktor na sa pagsisimula ng kuwento ay lumalabas sa isang malit at madilim na teatro sa Kamaynilaan. Sa pinakahuling dula niya, ginampanan niya ang papel ng propeta na nagbabala sa mga tao sa pagkagunaw ng mundo kung hindi sila magsisisi sa kanilang kasalanan, gamit ang mga linya mula sa Bibliya, at suot ang damit ng isang propeta. Tuso at sakim, ginamit niya ang karanasan bilang aktor upang paniwalain ang mga tao na isa siyang propeta na isinugo ng Diyos upang himukin ang mga makasalanan sa tuwid na landas.

Sapagkat magaling sa pag-arte, naitago niya ang kaniyang madilim na nakaraan, ang kaniyang katakawan sa laman, at ang pagtuya niya sa mga tangang naniniwala sa kaniya. Dumating ang panahong libu-libo na ang nahikayat niyang sumunod sa kaniya. At nagkamal ng salapi at kapangyarihan si Felino sa mga donasyon ng kawan. At sa pag-unlad ng kaniyang kulto, dumami rin ang babaeng kaniyang pinagsamantalahan at iniwang luhaan. Hanggang sumapit ang isang panahong dinapuan siya ng sakit habang pinagtatangkaan niyang halayin ang isang dalaga. Naghanap siya ng lunas sa sakit hanggang makarating siya sa isang klinika. Pinagtiyap na may isang paring Katoliko, ang mabait na si Padre Arriola, na naaksidente. Sa madaling salita, napunta kay Felino ang utak ng pari sa isang delikadong

operasyon. At may pangako na sa katawan ng walang-dangal na si Felino, ang kabutihan ng pari ay lalaganap sa kilusang itinatag ng bulaang propeta.

Ipinakita sa nobela na ang balabal ng Diyos ay ipinagkakaloob doon sa mga indibiduwal na buong-puso at buong-katatagang ikakalat ang mga aral ng Panginoon, anuman ang relihiyong kanilang kinabibilangan.

*Science fiction?* Totoo. Subalit pagkalipas ng limampung taon mula nang lumabas ang nobela, may mga paggalaw sa siyensiya na nagtatangkang isagawa ang brain transplant—upang idagdag sa heart, kidney, facial, limb, skin transplant na ngayon ay ordinaryong proseso.

Subalit ang dahilan ng pagpili ko sa nobelang ito ay naka-ugat sa aking paniniwala na natumbok ni Lingat ang puno't-dulo ng mga kulto, kung saan ang mga tagapagtatag at mga pamilya nila ay nagtatamasa sa kayamanang buong tiyagang iniipon ng kanilang mga tagasunod. Mga mamahaling jet, malapalasyong tahanan, mga magagarang kotse, mga malalawak na lote na kung minsan ay ibinibigay sa mga politiko, mga magagandang babae sa paligid nila, kapalit ng kanilang garantiya na kung patuloy na maniniwala sa kanilang doktrina ang mga alagad, ang kawan ay maliligtas.

Ang nobela ay isang anatomiya ng oportunismo, malawakang panloloko, at pamamayani ng mga pinunong ganid na matatagpuan natin sa kasalukuyang panahon sa mga taong nagkunkunwaring maamong tupa ganoong sila ay mga mababangis na lobo at bulaang propeta.

## Kongklusyon

Sa pagtalakay ko ng walong nobela na sumakop sa nakaraang dantaon, sinikap kong ipaliwanag kung paanong ang panitikan ay sisidlan ng pambansang gunita na hindi kailanman mapaparam hanggang buhay ang salita. Matatagpuan sa mga nobela ang mga interprerasyon at pananaw

ng mga manunulat sa mga karanasan ng bayan mula sa kolonisasyong Amerikano, sa ikalawang Digmaang Pandaigdig, sa ligalig ng dekada pitumpu at walumpu; malulubhang isyu na patuloy na kinakaharap ng mga Pilipino mula sa mga nag-aantak na suliranin sa lupa na dahilan ng rebelyon at pag-aalsa, ang kawalang-pag-asa ng kabataan, ang gobyernong mapagsamantala, ang malawakang kahirapan, ang pagiging komersiyo ng relihiyon, at marami pang ibang isyu.

Hindi katulad ng Marvel Comics o mga *chicklit,* ang mga akdang ginamit ko ay pumapaksa sa mga isyung patuloy na nananalanta sa bayan. Walang mahiwagang bato o anting-anting na magagamit upang labanan ang mga halimaw na naglipana sa lipunan at patuloy na nagpapahirap sa taong-bayan. Malayang nagsasabog ng lagim ang mga kriminal at drug lords. Bilyon ang suhol sa mga opisyal ng pamahalaan. Namamayagpag pa rin ang mga politikong may *political dynasties*, nakaluklok sa Senado at Kongreso bilang kagalang-galang na representante.

Hindi magbibigay ng aktuwal na solusyon ang mga nobela. Ang maari lamang gawin ng sining ay imulat ang paningin sa mapapait na katotohanan ng buhay, na pansamantalang matatakasan sa pagpindot sa cell phone or paglalaro ng games, o panonood ng Marvel movies. Pagkatapos ng ilang oras, kailangang ibalik ang pansin sa mga nagaganap sa lipunan.

Natupad na ng mga manunulat—nina Laksamana, Palma, de los Angeles, Francisco, Pineda, Arceo, at Lingat—ang kanilang misyon para sa bayan. Matagal na silang yumao. Kailangan natin silang patuloy na basahin at pakinggan ang mahahalagang aral na ibinabagi ng kanilang teksto na bagamat matagal nang nailathala (at halos nabaon na sa limot) ay patuloy pa ring makabuluhan sa ating panahon. Sa naturang mga nobela, patuloy na dumadaloy sa kamalayan ng kasalukuyan at hinaharap na henerasyon ang mga matitingkad na alaala na hinango sa mga kalunus-lunos na karanasan ng ating bansa sa pakikitalad nito upang makalikha ng mga kahulugan para sa

sambayanan. Malalagim na trahedya ang bigkis ng pagkakaisa. Matatagpuan ang pangkalahatang pananaw na ito sa pambansang gunita na masusing dinalumat sa mga nobela.

**Mga Tala**

1 Timothy Brennan, "The National Longing for Form," sa *Nation and Narration*, Homi K. Bhabha (pat.) (London: Routledge, 1990), p. 47.

2 *Ibid.*, p. 49.

3 Soledad S. Reyes, *Ang Nobelang Tagalog, 1905-1975: Tradisyon at Modernismo* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1982). Basahin para sa malawakang kasaysayan ng nobelang Tagalog.

4 Para sa pagtalakay ng impluwensiya ni Jose Rizal sa sumunod na henerasyon ng nobelsitang Tagalog, basahin ang Soledad S. Reyes, "Rizal's Legacy: The Power of Literature," *Retrieving the Past/Recuperating the Voice* (Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2017), ph. 1-30.

5 Ernest Renan, "What Is a Nation?" *Narration and Nation*, p. 19.

6 Francisco Laksamana, *Anino ng Kahapon* (Maynila: S. P., 1907).

7 *Ibid.*, w. p.

8 Soledad S. Reyes, "The 'Revolution' in Selected Tagalog Novels," *Tellers of Tales, Singers of Songs* (Manila: De la Salle University Press, Inc., 2001), ph. 203-220.

9 Laksamana, *Anino ng Kahapon*, p. 292.

10 Precioso Palma, *Ipaghiganti Mo Ako!* (Maynila: Limbagang Banaag, 1914).

[11] *Ibid*., p. 85.

[12] Ang mga pag-aalsa sa kabukiran at iba pang uri ng kilusang itinatag tungo sa ikauunlad ng buhay ng pamayanan ay tinalakay sa maraming aklat. Ilang halimbawa ang Renato Constantino, *The Philippines: A Past Revisited* (Quezon City: Tala Publishing Services, 1975); Reynaldo C. Ileto, *Pasyon and Revolution* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1980); David Sturtevant, *Popular Uprisings in the Philippines, 1840-1940* (Ithaca: Cornell University Press, 1974); Benedict Kervliet, *The Huk Rebellion: Study of Peasant Revolt in the Philippines* (Berkely, CA: University of California Press, 1977); and Motoe Terami Wada, *Sakdalistas' Struggle for Philippine Independence, 1930-1945* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2014).

[13] Servando de los Angeles, *Ang Huling Timawa* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1999).

[14] William Henry Scott, *Barangay, Sixteenth Century Phliippine Society* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1994), p. 131.

[15] De los Angeles, *Ang Huling Timawa*, ph. 338-39.

[16] See Soledad S. Reyes, "Lazaro Fancisco: The Making of a National Artist," *Perspectives in the Arts and Humanities*, 9, 2 (April 2019):55-97.

[17] Lazaro Francisco, *Sugat ng Alaala* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1995).

[18] Nick Joaquin (pseud. Quijano de Manila), *Language of the Street* (Manila: Nick Joaquin, 1980), p. 31,

[19] Macario Pineda, *Ang Ginto as Makiling at Ibang Mga Kuwento* (Quezon City: Ateneo de Manila University, 1990).

[20] *Ibid*., p. 374.

[21] Rosario de Guzman Lingat, *Kung Wala na Ang Tag-araw* at *Ano Ngayon, Ricky?* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1996).

[22] Lingat, *Ano Nagyon, Ricky?*, ph. 130-31.

[23] Liwayway Arceo, *Canal de la Reina* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1985.)

[24] Rosario de Guzman Lingat, *Balabal ng Diyos* at *Silid ng Makasalanan* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2003).

(*Panayam na binasa sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela, 28 Agosto 2019. May ilang ginawang rebisyon sa orihinal na panayam.*)